# *Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 56*
# *Lubusin Gawin ang Iyong Kaligtasan*

***"12 Kaya nga, mga minamahal ko, kung paano ang inyong laging pagsunod, na hindi lamang sa harapan ko, kundi bagkus pa ngayong ako'y wala, ay lubusin ninyo ang gawain ng inyong sariling pagkaligtas na may takot at panginginig; 13 Sapagka't Dios ang gumagawa sa inyo maging sa pagnanasa at sa paggawa, ayon sa kaniyang mabuting kalooban." (Filipos 2:12-13)***

***Lubusin ninyo ang gawin ng inyong sariling pagkaligtas na may takot at panginginig** ay ang gawain na ibinigay ng Dios sa bawat isa sa atin sa ating buhay sa lupa hanggang tayo'y makarating sa Langit. **May takot at panginginig** ito'y nangangahulugan na ito'y isang mapanganib na proseso at kailangan nating maging maingat kung paano gawin ito sa wastong pagsunod sa pagsasalapat sa kung anong sinabi ng Dios sa Kanyang Salita*.

Ang Dios ay napaka maalalahanin sa atin nang ipinadala Niya ang Kanyang bugtong na Anak, ang Panginoong JesuCristo na namatay sa krus para sa ating mga kasalanan upang bigyan tayo ng buhay na walang hanggan. Sa pamamagitan lamang ng ginawa ni Jesus sa krus matatanggap natin ang kaligtasan gaya ng ating mababasa rito, ***"8 Sapagka't sa biyaya kayo'y nangaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ito'y hindi sa inyong sarili, ito'y kaloob ng Dios; 9 Hindi sa pamamagitan ng mga gawa, upang ang sinoman ay huwag magmapuri." (Epeso 2:8-9)*** Ang kaligtasan ng Dios ay ang Kanyang biyaya para sa atin at ibinigay sa atin nang walang bayad na hindi nating kayang gawin at hindi natin kailangang magdagdag ng anumang bagay dito. Tinatanggap natin ang kaligtasan sa pamamagitan ng Kanyang biyaya na dapat nating ingatan at pahalagahan sa pamamagitan ng pananampalataya. Dapat tayong magtiyaga para doon, upang hindi mawala sa atin ang kaligtasan at pribileyong ibinigay sa atin na maging mga anak ng Dios.

Ginawa at isinulong ng Dios ang Kaniyang plano ng kaligtasan upang para sa atin ay mabuhay at lasapin ang buhay kasama Niya dito sa lupa at sa huli sa buhay na walang hanggan na darating. Ibinigay ng Dios ang Kanyang Salita at ipinadala Niya ang Kanyang Anak, ang Panginoong JesuCristo upang iligtas tayo. Si Jesus habang siya ay nasa lupa Siya tumalima sa pagsunod sa kalooban ng Dios ang Ama at sa Kanyang Salita bilang isang halimbawa sa atin upang sundan. Tayo ay naligtas sa pagkamatay ni Cristo sa krus,***" Sapagka't sa biyaya kayo'y nangaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya."*** Ang pananampalataya ay para manampalataya, at ang paniniwala ay ang pagsunod, Sinabi ni Apostol Pablo ***"5 Na sa pamamagitan niya'y tinanggap namin ang biyaya at pagkaapostol, sa pagtalima sa pananampalataya sa lahat ng mga bansa, dahil sa kaniyang pangalan;" (Roma 1:5 KJV)*** *Kaya dito kapag tinawag natin ang mga tao na sumunod kay Cristo tinatawag natin sila na mamuhay sa pagtalima sa Dios at sa Kanyang Salita at yaon ay ang pananampalataya na ating tinanggap at ipinapangaral*. Atin din mababasa sa Taga ***Roma 16:25-26, "25 At ngayon sa kaniya na makapangyarihan na sa inyo'y makapagpapatibay ayon sa aking evangelio at sa pangangaral ni Jesucristo, ayon sa pahayag ng hiwaga na natago sa katahimikan nang panahong walang hanggan. 26 Datapuwa't nahayag na ngayon, at sa pamamagitan ng mga kasulatan ng mga propeta, ayon sa ipinagutos ng Dios na walang hanggan, ay ipinakilala sa lahat ng mga bansa upang magsitalima sa pananampalataya: " (Roma 16:25-26 KJV)*** Si Apostol Pablo dito ay iniugnay ang mensahe ng evangelio na ipinahahayag niya sa pahayag, ***"ipinakilala sa lahat ng mga bansa upang magsitalima sa pananampalataya:"*** *Ang salitang "magsitalima" ay may kaugnayan sa pananampalataya. Nangangahulugan ito na ang pananampalataya kay JesuCristo na magdudulot ng kaligtasan ay ang pananampalatayang kaakibat ng pagtalima. Sa gayon, ang pananampalataya na palaging tumtalima ay ang pananampalatayang magdudulot ng kaligtasan.*

Ngunit sa panahon ngayon maraming nagpapanggap na mga Cristianong umaabuso sa biyaya at sa kahabagan ng Dios, at mayroon din mga simbahan na naniniwla at nagtuturo na kapag ikaw ay naligtas ay ligtas kana, at hindi nila inilalagay na mahalaga ang pagtalima para sa kaligtasan. Yaon ay hindi tama. Sasabihin ko sa inyo ang katotohanan kung ikaw ay hindi magpapatuloy na tumalima mawawala ang iyong kaligtasan. *Huwag mong isipin na ikaw ay nakaupo sa simbahan ay ligtas kana. Ang iyong kaligtasan ay nasa panganib kung hindi ka magsisi sa iyong mga kasalanan at simulang gawin ang Kanyang kalooban at paglingkuran Siya*.

Marami din ang naliligaw na kapag kanilang natanggap ang materyal na mga biyaya (mabuting trabaho, mabuting sahod, salapi, atbp), mga panalangin na nasagot, mga espirituwal at mga nagawang ministro, inaangkin nila na tinatanggap ng Dios ang kanilang makasalanang pamumuhay, at ang ganoon ay nagiging sagabal sa kanila na lumapit sa tunay na pagsisisi at ganap na pagsunod sa Dios. *Ang pagsisisi at pagtalima ay kinakailangan sa daan upang mapanatili ang kaligtasan na ipinagkaloob ng Dios sa atin, at hindi tayo makakarating sa Langit nang walang pagsisisi at pagtalima*.

***"11 Sapagka't napakita ang biyaya ng Dios, na may dalang kaligtasan sa lahat ng mga tao, 12 Na nagtuturo sa atin, upang, pagtanggi natin sa kalikuan at sa mga kahalayan ng sanglibutan, ay marapat mabuhay tayong may pagpipigil at matuwid at banal sa panahong kasalukuyan ng sanglibutang ito; 13 Na hintayin yaong mapalad na pagasa at ang pagpapakita ng kaluwalhatian ng ating dakilang Dios at Tagapagligtas na si Jesucristo;" (Tito 2:11-13 KJV)*** Sa pananampalataya sa Panginoong JesuCristo natanggap natin ang kaligtasan at yaon ay ang biyaya na dapat nating pngalagaan at pahalagahan habang nabubuhay sa lupa sa isang MakaDiyos na buhay. Kaya't ang ating pananampalataya sa Panginoong JesuCristo ay dapat magturo sa atin, ***"upang, pagtanggi natin sa kalikuan at sa mga kahalayan ng sanglibutan, ay marapat mabuhay tayong may pagpipigil at matuwid at banal sa panahong kasalukuyan ng sanglibutang ito;"*** Kapag tinanggap na natin si Cristo, kailangan nating tanggihan ang kasamaan, itanggi ang makamundong kalaswaan, dapat magkaroon ng pagpipigil sa sarili at huwag pumunta at gumawa ng kasalanan, kundi mamuhay sa isang maka-Dios na paraan at paggawa ng matuwid na mga bagay na nais ng Dios na gawin natin. *Samakatuwid batay sa Banal na Kasulatan, kapag sinasabi mo na tinatanggap mo ang biyaya ng Dios sa pamamagitan ni Cristo, at nagpapatuloy ka sa paggawa ng mali, kung magkagayo'y ang iyong kaligtasan ay nasa peligro at ikaw ay nasa panganib na mapunta sa impierno*.

Si JesuCristo ay ang buhay na Salita ng Dios: ***“14 At nagkatawang-tao ang Verbo, at tumahan sa gitna natin (at nakita namin ang kaniyang kaluwalhatian, kaluwalhatian gaya ng sa bugtong ng Ama), na puspos ng biyaya at katotohanan.” (Juan 1:14 KJV)*** *Nang tinanggap natin si Cristo ating tinanggap ang Salita ng Dios. Kapag ating sinabi na pinaghahawakan natin si Cristo dapat tayong magpatuloy na tumalima sa Salita ng Dios upang panatilihin ang ating kaligtasan na ating natanggap sa pamamagitan ng pananampalataya:*

Ang Banal na Kasulatan ay ipinapahiwatig na ang mga mananampalataya kahit ang mga pastor at mga manggagawa na gumagawa sa ministerio ay mawawala ang kanilang kaligtasan kung hindi sila namumuhay sa kalooban ng Dios at hindi ginagawa ang inaasahan ng Salita ng Dios mula sa kanila na gawin: Ating basahin ang sumusunod na Banal na Kasulatan na pinagtitibay yaon:

***1. “1 Ngayo'y ipinatatalastas ko sa inyo, mga kapatid, ang evangelio na sa inyo'y aking ipinangaral, na inyo namang tinanggap, na siya naman ninyong pinananatilihan, 2 Sa pamamagitan naman nito'y ligtas kayo kung matiyaga ninyong iingatan ang salitang ipinangaral ko sa inyo, maliban na kung kayo'y nagsipanampalataya nang walang kabuluhan.” (1 Corinto 15:1-2 KJV)*** Si Pablo dito ay naglagay ng isang kondisyon, upang ang kaligtasan ay dumaloy, kung matiyaga lamang ninyong iingatan ang salitang ipinangaral sa inyo tungkol kay Cristo at sa Salita ng Dios. *Sa gayon, at sa parehong paraan, kung iyong matiyagang iingatan ang ipinangaral sa Iyo tungkol kay Cristo at sa Salita ng Dios sa gayo'y ikaw ay maliligtas.*

***2. “21 Kaya't ihiwalay ninyo ang lahat na karumihan at ang pagapaw ng kasamaan, at tanggapin ninyo na may kaamuan ang salitang itinanim, na makapagliligtas ng inyong mga kaluluwa.” (Santiago 1:21 KJV)*** Binanggit dito ni Santiago na ang kaligtasan ay nagmumula kapag tayo’y nagpakumbabang tanggapin ang Salita ng Dios na kayang maligtas mga kaluluwa ng mga tao. Upang “tumanggap” ay nangangahulugang maniwala, kilalanin, sumangayon sa, sangayunan, sabihing oo, magpasyang gawin, aminin, kilalanin, hayaan, magtiis, tiisin, magparaya, yumuko sa, tumagal sa, at isagawa ang Salita ng Dios. *Sa gayon kailangan mong alisin mula sa iyong buhay ang lahat ng mga anyo ng katigasan ng ulo, mga kasalanan at karumihan at magpakumbaba na tanggapin at ilapat ang iyong natanggap na turo mula sa Salita ng Dios, at sa gayong paraan ikaw ay maliligtas.*

***3. “31 Sinabi nga ni Jesus sa mga Judiong yaon na nagsisisampalataya sa kaniya, Kung kayo'y magsisipanatili sa aking salita, kung magkagayo'y tunay nga kayong mga alagad ko; 32 At inyong makikilala ang katotohanan, at ang katotohana'y magpapalaya sa inyo.” (Juan 8:31-32 KJV)*** Si Jesus dito ay binanggit na ang tunay na alagad ay ang mga nagpapatuloy sa Kanyang Salita, ang Salita ng Dios, at sa ganoong paraan kanilang malalaman ang katotohanan at ang katotohana’y magpapalaya sa kanila, *Sa gayon, at sa parehong paraan sa iyo ngayon, kung ikaw ay magpapatuloy sa Salita ni Cristo, yaon ay ang Salita ng Dios sa Bibilya, samakatuwid ikaw ay tunay na alagad ni Jesus, at ikaw ay naligtas; alam mo rin ang katotohanan at ikaw ay pinalaya ng parehong Salita ni Cristo at ng Salita ng Dios.*

***4. “17 Palibhasa't iyong kinapopootan ang pagtuturo, at iyong iniwawaksi ang aking mga salita sa likuran mo.” (Awit 50:17 KJV)*** Ang Kasulatang ito ay tungkol sa mga namumuhi sa kautusan ng Dios at iwinawaksi sa kanilang likuran ang Salita ng Dios at gawin ang kanilang sariling kaparaanan. Ngayon ang tanong ay, sila ba ay naligtas? Oo, kung sila’y magsisisi, kung hindi walang paraan!

***5. “21 Nguni't kung ang masama ay humiwalay sa kaniyang lahat na kasalanan na kaniyang nagawa, at ingatan ang lahat na aking mga palatuntunan, at gumawa ng tapat at matuwid, siya'y walang pagsalang mabubuhay, siya'y hindi mamamatay. 22 Wala sa kaniyang mga pagsalangsang na nagawa niya na aalalahanin laban sa kaniya: sa kaniyang katuwiran na kaniyang ginawa ay mabubuhay siya. 23 Mayroon baga akong anomang kasayahan sa kamatayan ng masama? sabi ng Panginoong Dios: at hindi baga mabuti na siya'y humiwalay sa kaniyang lakad, at mabuhay? 24 Nguni't pagka ang matuwid ay humiwalay sa kaniyang katuwiran, at gumagawa ng kasamaan, at gumagawa ng ayon sa lahat na kasuklamsuklam na ginagawa ng masamang tao, mabubuhay baga siya? Walang aalalahanin sa kaniyang mga matuwid na gawa na kaniyang ginawa: sa kaniyang pagsalangsang na kaniyang isinalangsang, at sa kaniyang kasalanan na kaniyang ipinagkasala, sa mga yaon mamamatay siya.” (Ezekiel 18:21-24)*** Ano ang ating matutunan mula sa Kasulatang ito na ang masama ay dapat magsisi upang maligtas, at ang matuwid kung siya ay magsimulang gumawa ng masama sa gayon mawawala ang kanyang kaligtasan. *Ang kaligtasan ay napaka halagang kaloob na ipinagkaloob ng Panginoong Dios sa atin sa pamamagitan ng ginawa ni Jesus sa krus; sa gayon kailangan nating ingatang mamuhay sa katuwiran upang lubusing gawin at panatilihin ang ating kaligtasan ng may takot at panginginig, upang tayo ay mamuhay kasama ng Dios at magpakailanman.*

***6. “1 At kayo'y binuhay niya, nang kayo'y mga patay dahil sa inyong mga pagsalangsang at mga kasalanan, 2 Na inyong nilakaran noong una ayon sa lakad ng sanglibutang ito, ayon sa pangulo ng mga kapangyarihan ng hangin, ng espiritu na ngayon ay gumagawa sa mga anak ng pagsuway; 3 Sa gitna ng mga yaon, tayo rin naman, ng ibang panahon ay nangabubuhay sa mga kahalayan ng ating laman, na ating ginagawa ang mga pita ng laman at ng pagiisip, at tayo noo'y katutubong mga anak ng kagalitan, gaya naman ng mga iba: 4 Nguni't ang Dios, palibhasa'y mayaman sa awa, dahil sa kaniyang malaking pagibig na kaniyang iniibig sa atin, 5 Bagama't tayo'y mga patay dahil sa ating mga kasalanan, tayo'y binuhay na kalakip ni Cristo (sa pamamagitan ng biyaya kayo'y nangaligtas), 6 At tayo'y ibinangong kalakip niya, at pinaupong kasama niya sa sangkalangitan, kay Cristo Jesus: 7 Upang sa mga panahong darating ay maihayag niya ang dakilang kayamanan ng kaniyang biyaya sa kagandahang-loob sa atin kay Cristo Jesus: 8 Sapagka't sa biyaya kayo'y nangaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ito'y hindi sa inyong sarili, ito'y kaloob ng Dios; 9 Hindi sa pamamagitan ng mga gawa, upang ang sinoman ay huwag magmapuri. 10 Sapagka't tayo'y kaniyang gawa, na nilalang kay Cristo Jesus para sa mabubuting gawa, na mga inihanda ng Dios nang una upang siya nating lakaran.” (Epeso 2:1-10 KJV)*** Bago natin makilala ang Dios sa pamamagitan ni JesuCristo na ating Panginoon tayo ay mga patay sa mga kasalanan at pagsalangsang. Ngayon habang tayo’y lumalapit sa Dios kailangan nating mamuhay sa kabanalan at huwag

nang magpatuloy pang mamuhay sa kasalanan. Magkagayo'y ating pagnilayan sa siniping mga talata na lubos na maituro kung paano lubusing gawin ang walang bayad na pagligtas ng may takot at panginginig na ating natanggap mula sa Dios sa pamamagitan ni Cristo.

***A. Huwag sumunod sa mga paraan ng sanglibutang ito: "1 At kayo'y binuhay niya, nang kayo'y mga patay dahil sa inyong mga pagsalangsang at mga kasalanan, 2 Na inyong nilakaran noong una ayon sa lakad ng sanglibutang ito, ayon sa pangulo ng mga kapangyarihan ng hangin, ng espiritu na ngayon ay gumagawa sa mga anak ng pagsuway;" (Epeso 2:1-2)*** Bago mo nakilala si Cristo ikaw ay namuhay ayon sa huwaran at makasalanang uso ng makamundong mga tao. Matapos mong tinanggap si Jesus, kung patuloy kang namumuhay sa makamundong pamumuhay, sa gayo'y ikaw pa din ay sumusunod sa diyablo, ang prinsipe ng sanglibutang ito at ikaw pa rin ay nananahan sa kapangyarihan ng kadiliman. Kung iyong susundin ang mga kaparaaanan ng sanglibutang ito, ikaw ay sumusuway sa Dios at dapat mong malaman na ang iyong kaligtasan ay nanganganib.

***B. Huwag bigyang kasiyahan sa iyong makasalanang kalikasan: "3 Sa gitna ng mga yaon, tayo rin naman, ng ibang panahon ay nangabubuhay sa mga kahalayan ng ating laman, na ating ginagawa ang mga pita ng laman at ng pagiisip, at tayo noo'y katutubong mga anak ng kagalitan, gaya naman ng mga iba:" (Epeso 2:3 KJV)*** *Kung tinanggap mo na si Cristo ngunit hndi mo pa rin mapigil ang iyong sarili, sa halip ikaw ay nagpapatuloy na pasiyahin at sundin ang iyong makasalanang pagnanasa at mga saloobin, samakatuwid ikaw ay bukas sa kasalanan at sumasailalim sa poot ng Dios; Ang iyong kaligtasan ay nasa panganib kung iyong ipagpapatuloy na pagbigyan ang iyong makamundong pananabik, pagnanasa at saloobin.*

***7. "16 Sinasabi ko nga, Magsilakad kayo ayon sa Espiritu, at hindi ninyo gagawin ang mga pita ng laman. 17 Sapagka't ang laman ay nagnanasa ng laban sa Espiritu, at ang Espiritu ay laban sa laman; sapagka't ang mga ito ay nagkakalaban; upang huwag ninyong gawin ang bagay na inyong ibigin. 18 Datapuwa't kung kayo'y pinapatnubayan ng Espiritu, ay wala kayo sa ilalim ng kautusan. 19 At hayag ang mga gawa ng laman, sa makatuwid ay ang mga ito: pakikiapid, karumihan, kalibugan, 20 Pagsamba sa diosdiosan, pangkukulam, mga pagtataniman, mga pagtatalo, mga paninibugho, mga pagkakaalitan, mga pagkakampikampi, mga pagkakabahabahagi, mga hidwang pananampalataya, 21 Mga kapanaghilian, mga paglalasing, mga kalayawan, at ang mga katulad nito; tungkol sa mga bagay na ito ay aking ipinagpapaunang ipaalaala sa inyo, tulad sa aking pagpapaalaala nang una sa inyo, na ang mga nagsisigawa ng gayong mga bagay ay hindi magsisipagmana ng kaharian ng Dios." (Galacia 5:16-21)*** Sa ating binasa ay ang mga gawa ng laman. Kung ikaw ay nanampalataya kay Cristo at ikaw pa rin ay kasangkot sa isa o higit pa sa mga makasalanang mga gawa ng laman sa gayo'y ang iyong kaligtasan ay nasa panganib, at kailangan mong magsisi mula sa lahat ng makasalanang mga bagay na ito upang lubusing gawin muli ang iyong pagkaligtas. Itong makasalanang mga pagnanasa dapat mong ganap na putulin mula sa iyong buhay gaya ng pagiinom, paninigarilyo, babae, panonood ng masamang mga bagay, pagnanakaw, pandaraya, pagsasabi ng kasinungalingan, pakikipagaway, galit, katamaran, atibp.

Ipinapahiwatig ng Kasulatan na ang mga mananampalataya o kahit ang mga mangaggawa na gumagawa ng ministerio ay mawawalan ng kanilang kaligtasam kung sila'y hindi namumuhay sa kalooban ng Dios at hindi ginagawa kung anong inaasahan ng Dios sa na gawin nila:

***8. "28 Alisin nga ninyo sa kaniya ang talento, at ibigay ninyo sa may sangpung talento. 29 Sapagka't ang bawa't mayroon ay bibigyan, at siya'y magkakaroon ng sagana: nguni't ang wala, pati pa nang nasa kaniya ay aalisin sa kaniya. 30 At ang aliping walang kabuluhan ay inyong itapon sa kadiliman sa labas: diyan na nga ang pagtangis at ang pagngangalit ng mga ngipin." (Mateo 25:28-30 KJV)*** Sa talinghagang ito ng mga kaloob sinalita ni Jesus ng kung anong gagawin sa alipin na kumuha ng isang talento at hindi ginawa ang inaasahan sa kanya na gawin: ang Panginoon ay aalisin ang ibinigay sa kanya at ibibigay ito sa tapat at itatapon siya sa impierno. *Sa parehong paraan kung ikaw ay hindi magsisisi sa iyong kasalanan at gawin ang inaasahan mula sa iyo na gawin sa gayo'y aalisin ng Panginoon mula sa iyo ang anumang ibinigay sa iyo at ikaw ay itatapon sa impierno kung ikaw ay hindi magsisisi at ipilit ang sariling mong mga paraan. Nais ng Dios sa iyo na paglingkuran Siya at gamitin ang mga kaloob na ibinigay Niya sa iyo upang pumunta at paglingkuran Siya, na pumunta at magevangelio at gumawa ng bagong mga alagad upang sumunod kay Cristo.*

***9. "42 At sinabi ng Panginoon, Sino nga baga ang katiwalang tapat at matalino, na pagkakatiwalaan ng kaniyang panginoon ng kaniyang sangbahayan, upang sila'y bigyan ng kanilang bahagi na pagkain sa kapanahunan? 43 Mapalad ang aliping yaon, na kung dumating ang kaniyang panginoon ay maratnang gayon ang ginagawa niya. 44 Katotohanang sinasabi ko sa inyo, na sa kaniya'y ipagkakatiwala ang lahat niyang pag-aari. 45 Datapuwa't kung sabihin ng aliping yaon sa kaniyang puso, Maluluwatan ang pagdating ng aking panginoon; at magpasimulang bugbugin ang mga aliping lalake at ang mga aliping babae, at kumain at uminom, at maglasing; 46 Ang panginoon ng aliping yaon ay darating sa araw na di niya hinihintay, at sa oras na hindi niya nalalaman, at siya'y babaakin, at isasama ang kaniyang bahagi sa mga di tapat." (Lucas 12:42-46 KJV)*** Sa talinghaga ng tapat na tagapamahala, Si Jesus ay nagsalita na gagantimpalaan Niya ang tapat na katiwala at gumagawa ng mabuti sa pagbibigay sa kanya ng higit upang pamahalaan, datapuwa't paparusahan Niya ang hindi tapat na alagad na gumagawa ng masama at hindi mabuti sa paningin ng Dios. Ang Kasulatan na ating binasa ay makakatulong sa atin na mapagtanto na kailangan nating lubusin na gawin ang ating pagkaligtas ng may takot at panginginig.

*Ang bagay na kailangan mong maunawaan at ayunan patungkol sa iyong kaligtasan ay iniligtas tayo ng Dios mula sa ating mga kasalanan at pagsalangsang upang magawa natin ang mabuting gawain na binuo ng Dios para sa atin. Inihanda na ng Dios ang mga bagay na inaasahan Niya na gawin natin, at ang lahat ng bagay ay ganap na nakasulat sa Banal ng Kasulatan. Sa gayon kailangan natin sundin sa Kanyang mga utos at sa Kanyang mabuting plano na itinakda Niya para sa atin at hindi gawin ang ating pansarili.*

*Ilagay sa iyong isip na kapag ikaw ay tumangging maglinkod sa Dios sa gayo'y mawawala ang iyong kaligtasan at magtatapos ka sa impierno kung ikaw ay hindi magsisisi. Nang iyong tinanggap ang mabubuting bagay mula sa Dios at mga materyal na mga pagpapala hindi mo matatakasan ang kaparusahan ng Dios kung hindi ka lalapit at at gamitin ang lahat ng ibinigay Niya sa iyo sa paglilingkod sa Kanya*.

Maraming tao at kahit ang mga mananampalataya ay sinubukang unahan ang plano ng Dios at sila'y sumulong sa kanilang mga kagustuhan, hangarin, sa kanilang makasalanang pagnanasa, at mga saloobin upang palitan ang nais ng Dios na gawin nila. *Hindi tayo iniligtas ng Dios upang gawin kung anong naisin natin; Iniligtas tayo ng Dios upang gawin ang nais Niya na gawin natin. Kahit marami sa ating mga plano na ating isinusulong na parang mukhang maganda, ngunit hangga't ang mga ito ay hindi ganap na plano ng Dios para sa atin sa gayo'y ang mga ito'y tatanggihan at kailangang tanggalin*.

*Upang lubusin na gawin ang iyong sariling pagkaligtas kailangan mong maging masunurin sa eksatong plano na itinakda ng Dios para sa iyo na ipagpatuloy. Kung saan maninirahan, anong pag-aaralan, ang iyong estilo ng pamumuhay, at kanino ka magpapakasal; lahat ay itinakda ng Dios at huwag gawin ang iyong pansarili. Nais ng Dios na mamuhay ka ng isang makaDios na buhay at sa Kanyang plano upang maging halimbawa sa iba at magpatuloy na magevagelio at abutin ang naliligaw at gumawa ng bagong mga alagad*.

Nang ating tinanggap ang kaligtasan mula sa Panginoon natanggap natin ang pangako ng buhay na walang hanggan, tayo ay tinatakan ng Banal na Espiritu, at ang ibang mabubuting bagay na ating natanggap mula sa Dios gaya ng mga talento, mga kaloob na mga espirituwal, materyal na mga bagay, at ngayon kailangan nating lubusin na gawin sa Dios upang layunin ng ating kaligtasan ay makamit. ***"13 Sapagka't Dios ang gumagawa sa inyo maging sa pagnanasa at sa paggawa, ayon sa kaniyang mabuting kalooban." (Filipos 2:13 KJV)*** Bilang tinanggap natin si Cristo at naligtas ang Banal na Espiritu ay tinatakan tayo ay tatahan sa atin at sasa atin upang tulungan tayo na mabago sa isang katangian kagaya ni Cristo; ang paraan na nais ng Dios sa atin at itinakda sa atin na maging pang at isakatuparan ang Kanyang plano para sa sangkatauhan. Ang sumusunod na mga talata ay magpapatibay na kapag tinanggap natin si Cristo tayo ay tinatakan ng Banal na Espiritu:

***"13 Na sa kaniya'y kayo rin naman, pagkarinig ng aral ng katotohanan, ng evangelio ng inyong kaligtasan, na sa kaniya rin naman, mula nang kayo'y magsisampalataya, ay kayo'y tinatakan ng Espiritu Santo, na ipinangako, 14 Na siyang patotoo sa ating mana, hanggang sa ikatutubos ng sariling pag-aari ng Dios, sa ikapupuri ng kaniyang kaluwalhatian." (Epeso 1:13-14 KJV)***

***"21 Ngayon, siya na ang nagpapatibay sa amin na kasama ninyo kay Cristo, at nagpahid sa atin, ay ang Dios, 22 Na siyang nagtatak naman sa atin, at nagbigay ng patotoo ng Espiritu sa ating mga puso." (1 Corinto 1:21-22 KJV)***

Ang Banal na Espiritu ay ang Dios, at habang tayo ay tumugon at sumunod sa Salita ng Dios, ang Banal na Espiritu na tinatakan tayo ay magpaparami ng bunga ng Banal na Espiritu na sasalamin sa mga katangian ni Jesus sa ating buhay. ***"22 Datapuwa't ang bunga ng Espiritu ay pagibig, katuwaan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan, pagtatapat, 23 Kaamuan, pagpipigil; laban sa mga gayong bagay ay walang kautusan." (Galacia 5:22-23 KJV)*** Ang Banal na Espiritu ay kikilos sa atin hangga't tayo'y sumasang-ayon sa kaloban ng Dios. *Habang araw araw kang nagbabasa at tumatalima sa Salita ng Dios ikaw ay pinabanal at sa huli'y mapuspos ng Banal na Espiritu at dala ang mga kaloob ng Banal na Espiritu na nagpapahintulot sa iyo na maglingkod sa PANGINOON*.

*Ang tatak ng Banal na Espiritu ay mananatili sa iyo hanggang ikaw ay mamatay o hanggang si Jesus ay dumating upang kunin tayo. Kung ikaw ay namumuhay para sa Dios ikaw ay maliligtas ngunit kung ikaw ay nasa kasalanan at ikaw ay mamatay o kapag si Jesus ay dumating sa gayo'y mawawala sa iyo ang iyong kaligtasan at magtatapos sa impierno o maiiwan*.

Ang Banal na Espiritu ay isang garantiya ng deposito ng ating mamanahin at kung ano ang darating o mangyayari sa atin sa Langit kung tayo ay magpapatuloy sa pagtalima at paglakad sa mga kautusan ng Panginoon. Inilagay ng Dios ang kanyang tatak ng pagmamay-ari sa atin at inilagay ang Kanyang Banal na Espiritu sa ating puso bilang isang deposito. Ngunit mayroong mga panahon na babalik tayo sa kasalanan, at sa ganoong pangyayari ang sumusunod ay magaganap:

***A. Ang Banal na Espiritu ay namimighati o nalulungkot kapag ikaw ay nagkasala: "30 At huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Dios, na sa kaniya kayo'y tinatakan hanggang sa kaarawan ng pagkatubos." (Epeso 4:30 KJV)***

***B. Ang Banal na Espiritu ay nanaghili kapag ikaw ay naakit sa makamundong mga bagay at nagiging kaibigan ng sanglibutan: "4 Kayong mga mangangalunya, hindi baga ninyo nalalaman na ang pakikipagkaibigan sa sanglibutan ay pakikipagaway sa Dios? Sinoman ngang magibig na maging kaibigan ng sanglibutan ay nagiging kaaway ng Dios. 5 O iniisip baga ninyo na ang kasulatan ay nagsasalita ng walang kabuluhan? Ang Espiritu baga na pinatira sa atin ay nagnanais hanggang sa kapanaghilian?" (Santiago 4:4-5 KJV)***

***C. Ang Banal na Espiritu ay naiinsulto kapag ikaw ay sadyang nagpapatuloy sa pagkakasala: "26 Sapagka't kung ating sinasadya ang pagkakasala pagkatapos na ating matanggap ang pagkakilala sa katotohanan, ay wala nang haing natitira pa tungkol sa mga kasalanan, 27 Kundi isang kakilakilabot na paghihintay sa paghuhukom, at isang kabangisan ng apoy na lalamon sa mga kaaway. 28 Ang magpawalang halaga sa kautusan ni Moises sa patotoo ng dalawa o tatlong saksi, ay mamamatay na walang awa: 29 Gaano kayang higpit ng parusa, sa akala ninyo, ang ihahatol na nauukol doon sa yumurak sa Anak ng Dios, at umaring di banal sa dugo ng tipan na nagpabanal sa kaniya, at umalipusta sa Espiritu ng biyaya? 30 Sapagka't ating nakikilala yaong nagsabi, Akin ang paghihiganti, ako ang gaganti. At muli, Huhukuman ng Panginoon ang kaniyang bayan. 31 Kakilakilabot na bagay ang mahulog sa***

***mga kamay ng Dios na buhay." (Hebreo 10:26-31)*** Dito ay napakalinaw na ang sinadyang pagkakasala ay magdadala ng poot ng Dios sa iyo.

***D. <u>Ang Banal na Espiritu ay nagsisinungaling kapag itinatago mo ang mahalagang katotohanan mula sa pinuno ng simbahan na nagtatanong sa iyo tungkol sa</u>: "1 Datapuwa't isang lalake na tinatawag na Ananias, na kasama ng kaniyang asawang si Safira, ay nagbili ng isang pag-aari, 2 At inilingid ang isang bahagi ng halaga, na nalalaman din ito ng kaniyang asawa, at dinala ang isang bahagi, at inilagay sa mga paanan ng mga apostol. 3 Datapuwa't sinabi ni Pedro, Ananias, bakit pinuspos ni Satanas ang iyong puso upang magsinungaling sa Espiritu Santo, at upang maglingid ng isang bahagi ng halaga ng lupa? 4 Nang yao'y nananatili pa, hindi baga yao'y nanatiling iyong sarili? at nang maipagbili na, hindi baga nasa iyo ring kapangyarihan? Ano't inisip mo pa ang bagay na ito sa iyong puso? hindi ka nagsinungaling sa mga tao, kundi sa Dios. 5 At nang marinig ni Ananias ang mga salitang ito ay nahandusay at nalagot ang hininga: at sinidlan ng malaking takot ang lahat ng nangakarinig nito. 6 At nagsitindig ang mga kabinataan at siya'y binalot, at kanilang dinala siya sa labas at inilibing.7At may tatlong oras ang nakaraan, nang ang kaniyang asawa, na di nalalaman ang nangyari, ay pumasok. 8 At sinabi sa kaniya ni Pedro, Sabihin mo sa akin kung ipinagbili ninyo ng gayon ang lupa. At sinabi niya, Oo, sa gayon. 9 Datapuwa't sinabi sa kaniya ni Pedro, Bakit kayo'y nagkasundo upang tuksuhin ang Espiritu ng Panginoon? narito, nangasa pintuan ang mga paa ng mga nagsipaglibing sa iyong asawa, at kanilang dadalhin ka sa labas. 10 At pagdaka'y nahandusay sa paanan niya ang babae, at nalagot ang hininga: at nagsipasok ang mga kabinataan at nasumpungan siyang patay, at siya'y kanilang inilabas at inilibing siya sa siping ng kaniyang asawa. 11 At sinidlan ng malaking takot ang buong iglesia, at ang lahat ng nangakarinig ng mga bagay na ito." (Mga Gawa 5:1-11 KJV)*** Si Anaias kasama ng kanyang asawang si Sapira ay mga mananampalataya ngunit inilagay sila ng Dios sa kamatayan at sila'y nagtapos sa impierno nang sila'y nagsinungaling kay Apostol Pedro. *<u>Kailangan mong maging maingat at alamin na ang Dios ay maaring parusahan ka sa anumang oras o minsan at hindi ka na magkakaroon ng karagdagang pagkakataong magsisi</u>.*

***Sa aking mahal at minamahal:*** Hindi mo alam kung kailan matatapos ang iyong buhay at hindi mo alam kung anong oras darating si Jesus, sa gayon, kailangan mong pahalagahan ang kaligtasan na iyong natanggap, sa paglalagay una sa Dios sa bawat dako ng iyong buhay at pagtupad sa kung anong hangarin ng Dios para sa iyo na gawin at kung ano ang Kanyang inaasahan mula sa iyo na sundin at ipamuhay.

Tiyak na ang Dios ay hindi nagagalak na ikaw na tinatakan ng Banal na Espiritu ay bumalik na mamuhay sa isang makasalanang buhay. Kapag ikaw ay magpatuloy mamuhay sa pagkakasala, ikaw ay mamarkahan ng kasalanang yaon, at sa ganon walang lugar para sa iyo sa Langit, gaya ng nasusulat: ***"8 Nguni't sa mga duwag, at sa mga hindi mananampalataya, at sa mga kasuklamsuklam, at sa mga mamamatay-tao, at sa mga mapakiapid, at sa mga manggagaway, at sa mga mapagsamba sa diosdiosan, at sa lahat na mga sinungaling, ang kanilang bahagi ay sa dagatdagatang nagniningas sa apoy at asupre; na siyang ikalawang kamatayan." (Pahayag 21:8 KJV)***

Si Jesus ay nagbabala din sa atin gaya ng sinabi Niya, ***"21 Hindi ang bawa't nagsasabi sa akin, Panginoon, Panginoon, ay papasok sa kaharian ng langit; kundi ang gumaganap ng kalooban ng aking Ama na nasa langit. 22 Marami ang mangagsasabi sa akin sa araw na yaon, Panginoon, Panginoon, hindi baga nagsipanghula kami sa iyong pangalan, at sa pangalan mo'y nangagpalayas kami ng mga demonio, at sa pangalan mo'y nagsigawa kami ng maraming gawang makapangyarihan? 23 At kung magkagayo'y ipahahayag ko sa kanila, Kailan ma'y hindi ko kayo nangakilala: magsilayo kayo sa akin, kayong manggagawa ng katampalasanan." (Mateo 7:21-23 KJV)*** Tayo ay maglinkod sa Dios sa pamumuhay, pananatili, at pagsasakatuparan ng Kanyang Salita, ginagawa ang Kanyang kalooban at paghahangad kung ano ang sinasabi ng Panginoon sa atin na gawin upang puntahan at magevangelio at gumawa ng bagong mga alagad sa paraan na kanyang itinalaga.

*<u>Tayo ay matakot sa Dios at magpatuloy **na lubusin na gawin ang inyon pagkaligtas ng may takot sa Dios at panginginig.** Huwag nating ipilit ang paggawa ng kung ating gusto o kung paano natin gagawin maging ito ay parang mabuti sa atin, upang hindi mawala ang ipinangakong kaligtasan at ang dako na inihanda ng Dios para sa atin sa Langit</u>.*

*<u>Isuko natin ang ating sariling kalooban at makasalanang pagnanasa, at tumalima sa plano ng Dios para sa atin at yumaon at gumawa ng mga alagad sa lahat ng bansa at bautismuhan sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu at turuan silang tumalima sa lahat ng kung anong inuutos ni Jesus sa atin upang ingatan ang ating buhay</u>.*

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa Krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay mula sa kamatayan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyong Salita na nagpakita sa akin ng malinaw sa aking mga kasalanan at kung ano ang kailangan kong gawin upang magsisi at upang simulang gawin ang iyong kalooban.*

*Ipahayag ang iyong mga kasalanan at talikdan ang mga ito. Panginoon aking ipinapahayag at tinalikdan ang sumusunod na mga kasalanan ________________, Panginoon aking tinatalikdan ang sumusunod na laman at makamundong pagnanasa ________________, Panginoon aking tinatalikdan ang paggawa ng aking sariling kalooban.*

*Panginoon aking ipinangako ang aking sarili sa mga layunin na aking natutunan mula sa mensaheng ito. Panginoon aking ipinangako ang aking sarili sa pinaka plano na iyong itinakda mo sa akin na lakaran hanggang ikaw ay dumating at kunin ako. Panginoon aking ipinangako ang aking sarili na maglingkod sa iyo at gawin ang iyong kalooban. Panginoon aking ipinangako ang aking sarili na paglingkuran ka na yumaon at magevangelio at gumawa ng bagong mga alagad. Panginoon aking ipinangako ang aking sarili na*

*hayaan ang bunga ng Banal na Espiritu, pagibig, kagalakan, kapayapaan, kababaang loob, pagpipigil sa sarili, pagpapahinuhod, pagtitiyaga, mahabang pagtitiis, pananampalataya at katapatan upang makita sa aking buhay at magpatuloy at maglingkod sayo sa mas mabuting paraang na sumasalamin sa katangian mo Jesus sa aking buhay. Panginoon pusposin mo ako ng iyong Banal na Espiritu at ibigay sa akin ang espirituwal na mga kaloob upang pumunta at magebanghelyo at gumawa ng bagong alagad.*

*Panginoon, ako'y nananalangin para sa amin bilang isang simbahan na tulungan kami upang patatagin ang aming pananampalataya at ilagak ang aming buong pagtitiwala sa iyo at sa iyong Salita. Panginoon tulungan kami, protektahan kami, at ipagkaloob mo ang para sa amin. Panginoon aming ipinangako ang aming mga sarili na lumakad sa iyong Salita. Panginoon puspusin mo ulit kami ng iyong Banal na Espiritu at bigyang daan kami upang makapagevangelio at abutin ang bagong bayan ng Mabuting Balita ni JesuCristo at ng Salita ng Dios.*

*Panginoon, kami'y nananalangin na bigyan mo kami ng kakayahang makapagtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan at abutin ang bagong bayan at bagong mga lugar. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupa in, sumaamin nawa ang iyong kamay, at iligtas kami mula sa kapahamakan sa gayo'y hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.*

Lubusin ninyo ang Gawain ng inyong sariling Pagkaligtas. Filipos 2:8-9. Roma 1:5. Roma 16:25-26. Tito 2:11-13. Juan 1:14. 1 Corinto 15:1-2. Santiago 1:21. Juan 8:31-32. Mga Awit 50:17. Ezekiel 18:21-24. Epeso 2:1-10. Galacia 5:16-21. Mateo 25:28-30. Lucas 12:42-46. Filipos 2:13. Epeso 1:13-14. 2 Corinto 1:21-22. Galacia 5:22-23. Epeso 4:30. Santiago 4:4-5. Hebreo 10:26-31. Mga Gawa 5:1-11. Pahayag 21:8. Mateo 7:21-23.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapi n at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansiyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.